## SO WHAT

- Anong isang bagay  ang natutunan mo mula sa aralin na ito na makakatulong sa iyo sa kasalukuyan mong katayuan?
- Kung ikaw si Daniel at ang kanyang mga kaibigan na napadpad sa pagkakasakop, sa palagay mo magagawa mo rin ang kanilang ginawa na manindigan na hindi dudungisan ang iyong sarili? Bakit? Bakit hindi?
- Ano ang ginawa ng Diyos kay Daniel at sa kanyang mga kaibigan matapos nilang magdiyeta sa loob ng sampung araw (Daniel 1:17)? Ano ang tinuturo nito sa pagtitiwala sa Diyos?

## NOW WHAT

- Anong mga hakbangin ang maaari mong gawin upang lumago pa ang iyong matinding paniniwala sa buhay? Kailan at papaano mo ito pinaplanong gawin?
- Magbigay ng isang sitwasyon sa kasalukuyan na sa palagay mo ay kailangan mong manindigan para sa Diyos. Ano ang nagpapahirap sa iyong gawin ito?
- Maaari tayong manindigan na tumanggi sa kasalanan at parangalan ang Diyos sa ating mga pasya dahil palagi nating Siyang kasama. Humanap ng pagkakataon na maibahagi sa iyong pamilya at mga kaibigan ang Kanyang Salita.

# PRAYER

- Ipanalangin na maging matapang kang humindi sa anumang bagay na nagtutulak sa iyo na magkasala sa Diyos.
- Hingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng karunungan at ang mga tamang salita upang manindigan sa harap ng mga sumasalungat.
- Manalangin sa Diyos na patuloy kang palibutan ng mga nararapat na tao na makakatulong sa iyong lakbayin kasama Siya.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph



# Paninindigan para sa Diyos

10x

## NOTES

# CONNECT

- Anong pagpapasya ng iyong mga magulang ang ginawa nila para sa iyo na ikinapapasalamat mo?
- Naranasan mo na ba ang makagawa ng pagpapasya na napakalubha? Ibahagi ang iyong kwento.
- Ano ang nasa isip mo kapag narinig mo ang salitang "pagpili?" Bakit mo ito nasabi?

**WORD**

*[8]Pero ipinasya ni Daniel na hindi siya kakain ng pagkain ng hari o iinom ng kanyang inumin para hindi siya marumihan. Kaya nakiusap siya kay Ashpenaz na huwag siyang pakainin ng pagkaing iyon. [9]Niloob naman ng Diyos na siya'y kalugdan ni Ashpenaz kaya pinagbigyan siya nito.* DANIEL 1: 8,9

**WHAT**

Noong 605 B.C., nang mahulog ang Jerusalem sa mga kamay ng Babelonya, may mga ilang kabataang lalaki na taga-Judea mula sa mga maharlika at mararangal na pamilya na may mga tinataglay na natatanging kakayahan at nararapat ang napili upang sanayin sa literatura at salita ng Babelonya sa loob ng tatlong taon at pagkatapos ay upang manilbihan sa hari. Ang mga ito ay sila Daniel, Hannaniah, Mishael, at Azariah na maaga pa ay nagpasya na hindi magkakasala ngunit maninindigan para sa Diyos sa harap ng mga pagano. Ano ang maaari nating matutunan sa kanila?

## 1 Kailangan nating maunawaan ang Salita ng Diyos.

*Pero ipinasya ni Daniel na hindi siya kakain ng pagkain ng hari o iinom ng kanyang inumin para hindi siya marumihan. . . .* DANIEL 1:8

Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay nanindigan na hindi sila madudungisan ng mga pagkain at inumin na inaalay sa mga diyos-diyosan bago ihain. Mukhang isang matapang na paninindigan ang mga bagay na ito. Ngunit si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay nauunawaan ang kautusan ng Diyos sa pamamagitan ni Moises (Leviticus 11; 17). Bakit sa palagay mo mahalaga na ating maunawaan ang Salita ng Diyos upang makagawa ng tamang pagpapasya at hindi magkompromiso?

## 2 Kailangan mong manindigan ngayon.

*"Subukan n'yo kaming pakainin lamang ng gulay at painumin ng tubig sa loob ng sampung araw."* DANIEL 1:12

Si Daniel ay hindi na pinatagal ang manindigan. Nang siya ay nagkaroon ng pagkakataon, matapang niyang kinausap ang bantay na inabisuhan niya na bigyan lamang sila ng ibang pagkain sa loob ng sampung araw at matapos ng pagsubok ay ihambing sila sa kabataang lalaki na kumain ng pagkaing maharlika at pagpasyahan kung ano man ang kinalabasan nito. Bakit mahalaga na manindigan na tayo bago pa sumabak sa laban?

## 3 Kailangan mong magtiwala sa Diyos araw-araw.

*Magtiwala ka ng buong puso sa Panginoon at huwag kang manalig sa iyong sariling karunungan.* KAWIKAAN 3:5

Malinaw sa Bibliya na dapat tayong magtiwala sa Diyos ng buong puso at hindi umasa lang sa ating sarili. Tulad ni Daniel at ang kanyang mga kaibigan, nagtiwala sila sa gitna ng kanilang mahirap na kalagayan. Alam nilang wala silang magagawa kapag nalayo sila sa Diyos. Nagtangka sila na suwayin ang utos ng hari dahil ang Hari ng mga hari ay kakampi nila! Bakit sa palagay mo kailangan nating magtiwala sa Diyos sa araw-araw ng ating buhay?